


EPP-AFA

Modyul 10:

Paggawa ng Plano ng Pagpaparami ng Alagang Hayop upang Kumita



**EPP- AFA Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Modyul 10: Paggawa ng Plano ng Pagpaparami ng Alagang Hayop upang Kumita
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Loralyn D. Casulla
Editor:	Jelly M. Flores
Tagasuri:	Filip P. Canas
Tagaguhit:	Jason C. Borabo
Tagalapat:	Jeffrey B. Sape
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: deped.rov@deped.gov.ph

EPP-AFA

Modyul 10:

Paggawa ng Plano ng Pagpaparami ng Alagang Hayop upang Kumita

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;


- Nakagagawa ng plano ukol sa pagpaparami ng alagang hayop upang kumita.
- Naitatala ang mga pag-iingat na dapat gawin kung mag-aalaga ng hayop.




Subukin

Bilugan ang bilang kung alin sa mga sumusunod na mga hayop ang maaring paramihin sa ating tahanan.


1. Kalapati




6. Aso




2. Kalabaw




7. Pusa




3. Ahas




8. Lawa




4. Love birds




9. Kambing



5. Manok



10. Isda



**Lesson
10****Paggawa ng Plano ng Pagpaparami ng
Alagang Hayop upang Kumita*****Balikan***

Upang maging kapaki-pakinabang ang pag-aalaga ng hayop, kinakailangan ang plano sa pagpaparami nito. Ang paggawa ng plano ng pagpaparami ng alagang hayop ay mabuting hakbang upang kumita at maiwasan ang pagkakamali sa binabalak na gawain. Ang plano ay ginagawa bago simulan ang gawain at ginagamit itong gabay sa paggawa tungo sa maunlad na proyekto.

Sa pagpapalano, kailangang nakasisiguro tayo sa mga balak na gawin para sa katuparan ng maunlad na proyekto. Ito ay makatitipid sa halaga, pagod at panahong iuukol sa pagsagawa ng mga bagay-bagay para matagumpay na maparami ang alagang hayop upang kumita.


Isulat sa patlang ang titik T kung Tama ang isinasaad ng pangungusap at M kung Mali.

- _____ 1. Ang pag-aalaga ng hayop tulad ng aso ay nakatatanggal ng stress.
- _____ 2. Ang ibon ay madaling turuan ng iba't ibang teknik.
- _____ 3. Ang pag-aalaga ng hayop ay nakasasama sa mga bata.
- _____ 4. Ang pag-aalaga ng mga hayop ay nakadaragdag ng kita sa mag-anak.
- _____ 5. Ang manok ay nakapagbibigay ng pagkain tulad ng itlog at karne.



Tuklasin

Pag-aralang mabuti ang larawan sa ibaba, ano ang napapansin mo sa mga ito?



Ang pagkakaroon ng maayos na plano ukol sa pagpaparami ng alagang hayop ay nakatutulong upang makasiguro tayo sa balak nating gawin. Ito ay makatitipid sa halaga, pagod at panahong iuukol sa pagsasakatuparan ng mga gawain. Mahalagang maitala natin ang mga gastos at posibleng kikitain natin upang mabigyang pagtutuos kung ang proyektong nasambit ay magiging maunlad o hindi.

Ang mga sumusunod ay gabay sa pagpapalano ng pagpaparami ng alagang hayop.

1. Uri ng hayop sa tahanan na aalagaan

- aso,
- kalapati,
- love birds,
- kuneho, at
- isda sa aquarium

2. Kapaligiran

- Malapit sa tubig
- Malawak na bakuran

3. Lugar na mapaglalagyan


- may tubig
- may sikat ng araw
- may hangin
- may matibay, maayos, at malinis na kulungan

4. Klase ng produkto na maaaring maibigay ng alagang hayop

5. Maaaring kitain sa pagpaparami ng alagang hayop.

Halimbawa Kuneho:

Plano ng pagpaparami ng kuneho



- I. Layunin: Makapagparami ng kuneho upang pagkakitaan
- II. Larawan (Iguhit ang pinaplanong alagang hayop).

III. Talaan	Punan kung anong meron ang alaga mo
1. Uri ng hayop	kuneho
2. Bilang ng hayop na sisimulan	Babae/bilugan
3. Lahi ng hayop	
4. Lugar na mapaglalaman	Kulungan
a. May tubig	/
b. Sikat ng araw	/
c. May hangin	/
5. Klase ng pagkain	
a. Tirang pagkain	/
b. Komersyal	/
c. Kangkong, pechay, dahon ng ipil-ipil, talbos ng kamote	/
d. Mais, karots, palay	/
e. Giniling na niyog o munggo	/
f. Iba pang pagkain	
6. Produkto na maibibigay	/
a. Karne	/
b. Itlog	/
c. Balat	/
d. Dumi at Iba pa	/
7. Bilang ng anak ng inahin	/
8. Kikitain kapag ipinagbili ang produkto	




Suriin

Maraming uri ng hayop ang mapagpipilian na tiyak din ang kapakinabangan kung nasa ayos ang paraan ng pag-aalaga nito. Basahin at unawain ang sumusunod:


Mga alagang hayop sa Tahanan

1. Kalapati




Ang pag-aalaga ng kalapati ay madaling pagkakitaan bukod sa ito ay nakalilibang. Ang isang inahin ay nagsisimulang mangitlog sa gulang na tatlong buwan pa lamang. Ang itlog ay mabilis dumami at ito ay kasing sustansya ng itlog pugo. Masarap din ang karne ng kalapati.

2. Ang kuneho




Ang kuneho ay isa ring hayop na madaling alagaan. Tulad ng ibang hayop, ito ay nagbibigay ng karne na kasing sustansiya ng karne galing sa manok. Maliban dito, ang kuneho ay madalas ginagamit sa mga eksperimento ng mga siyentipiko at sa mga paaralan.

3. Aso




Ang aso ay isa sa mga hayop na mainam alagaan. Maraming mag-anak ang naglalaan ng panahon sa pag-aalaga nito maging mahirap man o mayaman na pamilya. May mga nag-aalaga ng aso upang maging bantay ng kanilang bahay. Mayroon namang nais kasa-kasama sa mga gawain at pag-eehersisyo. Kadalasang mga matatanda o may kapansanan ang nag-aalaga nito upang magsilbi nilang gabay sa paglalakad at pamamasyal. Inaalagaan din nila ito upang makasama at maging isang tunay na kaibigan. Higit na maigi na mag-alaga ng tuta kaysa sa asong malaki na dahil ito ay madaling turuan ng mga kakaibang bagay na maari nilang gawin gaya ng pag-upo, pagpulot o pag-abot ng nahulog o nakatagong bagay, pag-ihi, at pagdumi sa tamang lugar dahil sila ay bata pa.

4. Pusa




Ang pusa ay isa ring hayop na magandang alagaan sa loob ng tahanan. Mahusay itong manghuli ng daga dahil sa matalas ang kanilang paningin, pang-amoy at pandinig. Ito ay humuhuni (Purr) o ngumingiyaw kapag masaya at may gustong ipaalam sa kanyang amo. Ang inang pusa ay gumagawa ng tunog kapag tinatawag niya ang kanyang mga kuting.

5. Mga Isda



Sa kasalukuyan, maraming isda ang maaaring alagaan at palakihin. Ang aquarium ay isang lalagyang may tubig kung saan dito inaalagaan at pinalalaki ang mga isda. Ito ay ginagawang palamuti o atraksiyon sa tahanan, opisina, o maging sa mga ospital. Isang katamtamang sukat ng aquarium ay 30cmx20cmx15cm (12inx18inx16in). Madaling alagaan ang mga isda. Ayon sa mga eksperto, ang Goldfish ang pinakamadaling alagaan sa aqurium. Ito ay may kaakit-akit na kulay, matibay ang katawan at malusog. Ang mga ito ay nabibili sa tindahan ng mga alagang hayop (pet shops) sa murang halaga lamang. Ito rin ay maaaring ipagbili para sa karagdagang kita.

6. Dagang costa




Mainam ding alagaan ang dagang costa dahil ito ay nagbibigay-aluw sa nag-aalaga. Isa siyang uri ng daga na pwede mong turuan kung ano ang gusto mong ipagawa sa kanya katulad sa mga carnival. Ito ay ginagamit sa laro sa ibabaw ng mesa na may mga kahon na kapag narinig nila ang signal ay tatakbo sila sa loob ng kahon na may numero. Kapag nakataya ka sa papasukan na kahon ng dagang costa, panalo ka. Naipagbibili din ang mga dagang costa sa mga tindahan ng alagang hayop.

Ang mga sumusunod ay mga dapat tandaan sa pagpili ng pararamihing hayop:

1. Nakapagbibigay ng karagdagang pagkain sa hapag kainan.
2. Mabilis lumaki at madaling dumami.
3. Nakatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan.
4. Nakapagbibigay-aliw at mabuting kasama sa bahay.
5. Madaling alagaan at pakainin.
6. Naipagbibili at nakapagbibigay ng karagdagang kita.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ayon sa nabasa mo, ano ang hayop na napili mo at gusto mong alagaan?
2. Gawan ito ng plano at kung paano mo aalagaan ang napili mong hayop.



Pagyamanin

Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Alin ang dapat tandaan sa paggawa ng plano ukol sa pag-aalaga ng mga hayop?
 - a. Uri ng produkto na ipapakain sa alagang hayop
 - b. Kulay ng alagang hayop
 - c. Kalagayan ng pamumuhay
 - d. Uri ng hayop na aalagaan

2. Ano ang maaaring idulot ng paggawa ng plano bago simulan ang pagpaparami ng alagang hayop?
 - a. Upang matiyak na kikita ang proyekto sa pag-aalaga ng hayop
 - b. Upang makapagbigay ng maraming uri ng hayop
 - c. Malaman ang kasanayan ng nag-aalaga ng hayop
 - d. Maibibigay ang kagustuhan ng nag-aalaga

3. Alin sa mga sumusunod na hayop ang maaaring paramihin sa ating tahanan?
 - a. Kalapati, love birds, pusa
 - b. Kalabaw, baka, kambing
 - c. Ahas, palaka, gagamba
 - d. Isda, alimango, alimasag

4. Bakit kailangang piliin ang paparamihing alagang hayop?
 - a. Upang gawing kasiyahan sa loob ng tahanan
 - b. Upang maibenta at pagkakitaan
 - c. Upang maging kapaki-pakinabang
 - d. Upang may katulong sa tahanan

5. Ito ay batas na nagtadhana sa makataong pangangalaga ng mga hayop
 - a. RA8485
 - b. RA10631
 - c. House bill 914
 - d. Wala sa nabanggit



Isaisip

Lagyan ng (/) ang patlang kung masigla at mabungang paghahayupan ang sumusunod na pangungusap at (x) kung hindi.

____ 1. Bigyan ng wastong pagkain at bitamina upang maging malusog ang mga alagang hayop.

____ 2. Ang tirahan at kulungan ay dapat panatilihing malinis upang maging ligtas sa sakit at peste ang mga alagang hayop.

____ 3. Maglagay ng insecticide sa paligid ng kulungan ng mga alagang hayop.

____ 4. Pakainin sa tamang oras ang mga alagang hayop.

____ 5. Gawan ng tamang kulungan ang mga hayop nang walo hanggang sampung metro mula sa bahay.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Bakit mahalaga ang pag-aalaga ng mga hayop?
2. Paano nakatutulong sa kabuhayan ng mag-anak ang pag-aalaga ng hayop? Ipaliwanag.
3. Anu-anong uri ng hayop ang maaaring alagaan at pakinabangan?
4. Paano ginagawa ang pag-aalaga ng hayop?
5. Anu-ano ang mga kapakinabangang dulot ng pag-aalaga ng hayop?



Isagawa

Isagawa mo!

1. Piliin ang limang hayop sa bilog A na maaaring paramihin at isulat sa loob ng B.
2. Isulat sa loob ng C ang limang batayan sa pagpili ng pararamihing hayop.

Circle A:

Palaka	
Tipaklong	
Manok	Itik
Pusa	Kabayo
Pugo	Ibon
Kambing	Aso
Paru par	Gansa

Circle B:

B.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Circle C:

C.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

3. Gumawa ng plano tungkol sa pag-aalaga ng hayop.



Tayahin

Pumili ng isang hayop na gusto mong alagaan at paramihin. Magsagawa ng plano sa pamamagitan ng paglapat ng sagot sa talaan na nasa ibaba. Punan ang hinihinging datos sa plano ng pag-aalaga ng hayop. Gawin ito sa sagutang papel o kuwaderno.

Talaan	Datos
1. Uri ng hayop na aalagaan	
2. Bilang ng hayop na sisimulang alagaan	
3. Lahi ng hayop	
4. Lugar na mapaglalagyan	
5. Klase ng pagkain	
6. Produkto na maibibigay	
7. Maaaring bilang ng anak	
8. Kikitain kapag ipinagbili ang produkto	



Karagdagang Gawain

Magsaliksik sa internet o gumawa ng panayam sa nag-aalaga ng hayop at alamin kung ano ang karagdagang pag-iingat na ginagawa nila sa pag-aalaga ng hayop. Punan ang Chart sa ibaba.

Mga alagang hayop	Mga pinapakain	Mga kabutihang dulot	Mga pag-iingat
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain sa araling ito.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

Mga bilang na tamang sagot
1, 2, 4, 5, 6, 7, 9

Balikan Q

1. T
2. T
3. M
4. T
5. T

Pagyananin

1. D
2. A
3. A
4. C
5. A

Pagyananin

1. /
2. /
3. X
4. /
5. /

Tayahin

Depende sa sagot ng mga bata.

Sagutin:

Mahalaga ang pag-aalaga ng mga hayop dahil maraming kabutihang naidudulot ito sa atin.

1. Nakatutulong ito sa mag-anak dahil nagbibigay ito ng karagdaganng kita. Isang halimbawa ang manok na nagbibigay karne at itlog na maaaring mapagbili.

2. Ang mga hayop na maaaring alagaan ay ang mga manok, aso, pusa, kalapati at iba pa.

3. Depende sa mga sagot ng mga bata.

4. Depende sa sagot ng mga bata.

Sanggunian

Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4. Pasig City: Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph